# Pag-asa sa pamamagitan ni Jesucristo

## Bakit kailangan ko ang tulong ni Jesucristo para maging ganap?

Ibinahagi ni Elder J. Devn Cornish ng Pitumpu:



Madalas na nagtatanong ang ating mga miyembro, “Sapat ba ang kabutihan ko?” o “Makakapunta ba talaga ako sa kahariang selestiyal?” Siyempre, wala naman talagang “magiging sapat na karapat-dapat.” Wala ni isa sa atin ang “magtatamo” o “magiging karapat-dapat” sa ating kaligtasan, ngunit natural lang na magtanong kung katanggap-tanggap tayo sa harapan ng Panginoon, na siyang pagkaunawa ko sa mga tanong na ito. . . .

Sasabihin ko ito nang simple at malinaw. Ang mga sagot sa mga tanong na “Sapat na ba ang kabutihan ko?” at “Magiging karapat-dapat ba ako” ay “Oo! Sapat ang kabutihan mo” at “Oo, magiging karapat-dapat ka hangga’t ikaw ay nagsisisi at hindi pinangangatwiranan ang pagkakamali mo at hindi ka mapanghimagsik.” Ang Diyos ng langit ay hindi isang walang-pusong referee na naghahanap ng anumang dahilan para matanggal tayo sa laro. Siya ang ating lubos na mapagmahal na Ama, na ang higit na inaasam ay ang makabalik sa Kanyang piling ang lahat ng Kanyang mga anak at makasama Niya bilang mga walang-hanggang pamilya. Tunay ngang ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang huwag tayong mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan! Nawa’y maniwala kayo, at nawa’y umasa at mapanatag kayo sa walang hanggang katotohanang iyan. Nais ng Ama sa Langit na makamit natin ito! Iyan ang Kanyang gawain at kaluwalhatian. (J. Devn Cornish, “Sapat na ba ang Kabutihan Ko? Magiging Karapat-dapat ba Ako?,” *Liahona*, Nob. 2016, 32–33)

## Ano ang magagawa ko para maging “ganap sa pamamagitan ni Jesus”?

Itinuro ni Sister Carol F. McConkie, dating Young Women General Presidency:



Ang ating pag-asang maging banal ay nakasentro kay Cristo, sa Kanyang awa at Kanyang biyaya. Sa pagsampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, maaari tayong maging malinis, walang bahid-dungis, kapag pinagkaitan natin ang ating sarili ng lahat ng kasamaan [tingnan sa Moroni 10:32–33] at tapat na magsisi. Binibinyagan tayo sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ang ating mga kaluluwa ay pinababanal kapag tinanggap natin ang Espiritu Santo nang may bukas na puso. Linggu-linggo, tumatanggap tayo ng ordenansa ng sakramento. Sa pagsisisi, na may taos na hangaring magpakabuti, nakikipagtipan tayo na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo, alalahanin Siya, at sundin ang Kanyang mga utos nang sa tuwina ay makasama natin ang Kanyang Espiritu. Kalaunan, kapag nagsikap tayong makaisa ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, makakabahagi tayo sa Kanilang kabanalan [tingnan sa 2 Pedro 1:4]. (Carol F. McConkie, “Ang Kagandahan ng Kabanalan,” *Liahona*, Mayo 2017, 10)

Itinuro ni Elder Dale G. Renlund ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Mas mahalaga sa Diyos kung ano tayo ngayon at kung ano tayo sa hinaharap kaysa sa kung ano tayo noon. Mahalaga sa Kanya na patuloy tayong nagsisikap. (Dale G. Renlund, “Patuloy na Nagsisikap ang mga Banal sa mga Huling Araw,” *Liahona*, Mayo 2015, 56)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_273-1